# Ang Etika at Estetika ng Palay at Lupa:

## Isang Pag-unawa sa Ethos ng Pagpapalayan mula sa Land Ethic at Aesthetic ni Aldo Leopold

**Jeanette Yasol-Naval**


## Abstrak

Ang papel na ito ay isang naratibo tungkol sa etika at estetika ng palay at lupa na bahagi ng isang pag-aaral at saliksik na may pamagat na *Ethos of Rice: Environmental Ethics Behind the Traditional Culture of Rice and its Production in Nueva Ecija*[1]. Tinatalakay nito ang walang katapusang debate tungkol sa ekonomiya ng pagpapalay, at kung paano nito naaapektuhan ang lupa at ang organikong relasyon ng magsasaka sa lupa. Ipinapakita sa debateng ito kung paano ang *ethos* ng palay at pagpapalayan bilang isang instrumentong pang-ekonomiko, na bagama't popular, ay hindi magbubunga ng wastong ekwasyon ng halagahan. Kontensiyon ng awtor na kailangang maipasok ang ekonomikong pagpapahalagang ito sa ekwasyon ng etikang pangkapaligiran. Ang diskurso ay batay sa konsepto ng etika ng lupa at estetika (*land ethic and aesthetic*) ni Aldo Leopold na humihiling ng konsensyang ekolohikal (*ecological conscience*) at sensibilidad sa 'mas dalisay' na kagandahan ng palayan, at kung paanong maaari itong gumiya sa pagkakaroon ng indibidwal na obligasyon para sa kalusugan ng lupa o *land-health.*


Mga susing salita : ethos, palay, lupa, land ethic, estetika ng palay


## Abstract

This paper is a narrative on the ethics and aesthetics of rice and land, part of a larger study titled *Ethos of Rice: Environmental Ethics Behind the Traditional Culture of Rice and its Production in Nueva Ecija,* which explores the ethical and cultural dynamics of rice farming in this part of the Philippines. It looks at the perennial struggle between economic utility and ecological sustainability, and shows how the organic relationship between farmers and their land is disrupted when farming becomes heavily production-driven. It argues that rice is more than just an economic crop but a way of life and an embodiment of a sense of community and personal fulfillment among farmers. Echoing Aldo Leopold's ideas on land ethic and aesthetic, it calls for ecological conscience in the valuation of rice and individual responsibility to ensure land health.


Keywords : ethos, rice, land, land ethic, aesthetic of rice

Lubhang nanghahalina ang tanawing ngayon ay nagpapapansin mula sa salaming bintana ng aking personal na espasyong akademiko. Tumatambad ang hubad na mga sanga ng mangga, bulak at akasya sa paligid. Sa likod ay ang larawan ng bulubundukin ng Sierra Madre at ang pulumpon ng mga berdeng dahon mula sa mga punong swerteng nakaligtas sa sumpa ng mga proyektong nagpapalapad ng kalsada. Sa gawing paanan ay isang maliit na lawa na nakaluklok sa gitna ng nagsasalising banig ng tuyo at sariwang damuhan. Habang sa loob ay sinisikap kong matapos ang isang nasimulang gawain.

Patuloy na nag-uunahan ang aking mga ideya, marahil ito ang nasa likod ng isang penominolohikal at hermenyutikong gawain. Naglalaro ako sa walang tigil na pagdating ng mga ideya habang inaalala ang napakagandang teksto ng mga buhay at karanasan ng mga magsasaka ng Nueva Ecija. Hindi bago sa akin ang gawaing ito, palaging nakapagbibigay kasiyahan ang magnilay at magbigay kahulugan sa mga bagay na para sa iba ay isa lamang karaniwang karanasan. Sadyang nakapagpapalayang karanasan ang magsuri nang higit sa literal at makatagpo ng mga bagong saloobin at halagahan mula sa pag-aaral ng mga kahulugan. Bukod dito, batid kong ako'y pumapalaot din sa isang etnograpiyang pag-aaral habang binabalikan ang bukid na aking kinalakhan at mga kuwento ng pakikibaka sa mga hamon ng lupa, gayundin ng pag-asa.

Pamilyar ako sa nabanggit na panorama. Isinilang ako sa probinsiya na nalalatagan ng ginintuang mga palayan, kaya't di hamak na mas maganda pa ang nakita ko na. Natatandaan ko ang aming maliit na bukid sa Ginandusan, isang maliit na baryo ng Gapan malapit sa irigasyon. Naliligo kami sa maliit na kanal na nagdadala ng tubig mula sa irigasyon papunta sa palayan. Malinaw pa rin sa aking alaala kung paano sumasagasa sa maalikabok na daan patungo sa aming bukid ang aming lumang Volkswagen, at kung paanong sinasabihan ng aming mga *kasama* ang kanilang mga anak na makipaglaro sa amin huwag lamang lalayo.

Ang mga bukid ng Nueva Ecija ay ekstensiyon ng aming pamilya. Sa aking pagkakatanda, hindi rin nagtagal ang bukid na iyon sa Ginandusan. Ngunit ako ay lumaki sa nagsasalising panahon ng luntian at ginintuang palayan kaya't marahil ay naging isang ordinaryong tanawin para sa akin ang mga ito. Malayo sa estetikang ganda na aking natagpuan sa pag-aaral na ito. Noon, ang mga palayan ay walang pinagkaiba sa mga tuyot at walang latoy na mga damuhan. Ito marahil ang ibig sabihin ni Aldo Leopold, isa sa kilalang tagapagtaguyod ng konserbasyon sa Amerika na nagpasimula ng panawagang pangalagaan ang mga ilang na pook noong 1940s sa kanyang Paunang Salita sa librong *The Sand County Almanac*,

> "Tulad ng dampi ng hangin at takipsilim, ang mga bagay na ilang ay hindi pinapansin hanggang sa sila ay tuluyang burahin ng tawag ng pag-unlad [*"Like winds and sunset, wild things were taken for granted until progress began to do away with them"*] (Leopold, 1949, p. 171) .
>
> Hindi ko nakita noon ang palay.

Hindi ko nilisan ang aking probinsiya. Sa maraming taon patuloy kong binaybay ang mga hanay ng palayan sa daan patungo ng Nueva Ecija. Ang nakakatuwa ay ang pag-iiba ng aking paningin o pang-unawa siguro. Nakikita ko na ngayon ang mga magsasakang nag-aararo, pati na ang simbayotikong palitan ng mga buhay na hindi napapansin sa palayan. Sa mga busog na busog na butil ng palay hindi lamang ang kulay ng kalikasan ang aking nakikita ngayon kundi pati ang mga mukhang nagpapakita ng dangal ng isang natapos na trabaho at ang karugtong na kasiyahan. Gayundin, malinaw kong naaaninag ang larawan ng mga batang nagtatapos ng kanilang mga pag-aaral at ang mga magsasakang nagsasaya sa mga payak na luho ng buhay na dumarating lamang tuwing anihan. Subalit kung mabibigyan ng pagkakataon, marahil may bahid ng lungkot na lilisanin ng kanilang pagal na katawan ang lupa. Hindi nagbago ang mga palayan ng Nueva Ecija (bukod sa lumiit na ang mga ito nang may ilang libong ektarya), ngunit nagbago ang aking sensibilidad sa estetika ng palay at lupa. Ito ang binabanggit ni Callicott, isa rin sa mga kasamang nagsusulong ng konserbasyon at etika ng lupa o *land ethic*, sa kanyang librong *In Defense of the Land Ethic.* Aniya,

> "Sa pamamagitan lamang ng pagpapatubo ng kahit kaunting sensibilidad tayo ay makalalampas sa lebel ng pisikal na kagandahan (at makakarating sa mas malalim na pag-unawa ng kung ano ang maganda at mabuti). Kinakailangang magkaroon ng isang dalisay na panlasa sa mga natural na bagay o bahagi ng kalikasan" [*"It is with the cultivation of some sensibility that we get beyond the pretty and the beautiful . We must acquire a refined taste in natural objects"*] (Callicott, 1989, p. 240).
>
> Ito ang nais na tukuyin sa kapupunan ng papel na ito.

## Ang Walang Katapusang Debate sa Ekonomiya ng Pagpapalayan

Ayaw ko nang makipagtalo pa sa usapin ng ekonomiya ng pagtatanim ng palay. Ang *ethos* ng palay bilang isang instrumentong pang-ekonomiko ay palaging nagpapaalala kung paano tinitingnan ng mga magsasaka ang kanilang pananim bilang butil na tagapagligtas

ng pamilya. Sa aking malimit na pakikipag-usap sa kanila, madalas banggitin ng mga magsasaka na ang kanilang bukid ay pamana ng lahi. Taglay nito ang pawis ng mga naunang henerasyon ng kaanak na nabuhay at binuhay nito. Tinitingnan na ang kinabukasan ng kanilang mga anak ay dito rin nakasalalay kung kaya't malimit nilang sambitin, "Sana maganda ang ani kasi matrikula na naman ng mga bata."

Isa itong *cash crop* ng komunidad na siyang tumutustos sa mga pangunahing pangangailangan ng pamilya sa buong taon. Nagtatanim sila upang may makain at upang may maitustos sa edukasyon ng mga anak. Bagama't ayon kay Tiya Guel[2] na isa sa nagsilbing batis ng aking pag-aaral, "sa bandang huli, kami ay magsasako na lamang sa halip na magsasaka."[3] Kahit pa gaano kahirap para sa mga magsasaka na magpatubo ng kanilang palay, nagpapatuloy sila dahil ito ang paraan para mabuhay. Ito rin ang malimit na dahilan kung bakit marami sa kanila, lalo na ang mga kabataan, ay mas pinipiling magpunta sa Maynila o ibang bansa upang kumita at mabuhay. Malinaw na ang halagahang ganito ay ekonomiko at sadyang may sariling katwirang taglay, ngunit sa paglulugar ng motibong ekonomiko na ito sa usapin ng etikang pangkapaligiran, naniniwala ako na ang karaniwang kwentang ekonomiko para sa halaga ng palay ay hindi magiging totoo, tama at sapat, hangga't hindi naisasama sa ekwasyon ang halaga ng lupa. Isama pa kung paano ang halaga nito ay nababawasan sa pagdaan ng panahon dahil sa ekstensibo at intensibong aplikasyon ng mga hindi napag-iisipang implikasyon ng bawat bagong teknolohiyang ginagamit at ng dumadausdos na organikong kultura ng pagbubukid na hindi na naisasalin sa mga bagong henerasyon.

Hindi ko adbokasiya na magsulong ng preserbasyon o hindi paggalaw sa lupa. Ang preserbasyon sa ganang hindi maaaring gamitin o galawin ang lupa ay hindi naaayon kahit sa batas ng kalikasan. Ito rin ang batas ng kalikasan na nagsasabing maraming hindi nakikita o napapansing mga proseso at organismo na namumuhay sa lupang ito. Ang pang-ekonomikong halaga ng mga palayan para sa mga magsasaka ay markado at hindi na matatawaran pa, kaya't wala na siguro akong maidaragdag pa rito. Ang pagbawalan (ipagpalagay na ito ay maaari at ligal) sila na gamitin ang lupa upang makapagtanim ng kanilang palay ay isang pagsuway sa dikta ng lohika at etika. Ang hinihingi marahil ay isang etikang kumikilala sa pangangailangang maprotektahan ang lupang nagpapatubo sa palay upang patuloy na umani ng bigas na siyang tutustos sa mga pangangailangang pang-ekonomiko. Isang etikang humihiling ng mga sistemang pang-agrikultura at mga gawing makapagpapanatili ng magandang ani mula sa palayan sa mas mahabang panahon, nang hindi nagdudulot ng sobrang pagkasira ng lupa at mga natural na pinagkukunan. Tinatawag ito ni K. Prabhakar

Nair (2008) na *ecological agriculture*, ang iba ay *organic agriculture* habang ang ibang mas teknikal ay *sustainable agriculture.* Kahit ano pa man ang itawag dito, sa huli, ang habol ng diskurso ay kung paano lilinangin ang pangangalaga sa lupa.

Ang kabilang bahagi ng ekwasyon ang siyang aking mas nais na buuin. Hindi makatwiran na ipako ang halagahan ng palay at lupa sa diskursong ekonomiko lamang at lumayo sa kamalayang nag-uugnay sa mga nagsasaka sa kanilang palay at lupa. Bagama't totoong isang komoditi na may halagang ekonomiko ang kadalasang pagtingin sa palay, kakaibang *ethos* ng palay ang aking naunawaan mula sa mga magpapalay ng Nueva Ecija. Para sa kanila, ang palay at bigas ay hindi lamang isang simpleng produktong ikinabubuhay, ito ay buhay. Ang sistema ng produksyon ay kinapapalooban ng isang espesyal na pakikipagrelasyon ng magpapalay sa kanyang palay at lupa; ito ay isang gawaing hinahabi ng kanyang panahon, paniniwala at pananampalataya, tradisyon, pakikipagrelasyon at marami pang sala-salabit na mga pagpapahalaga. Sa puntong ito, magandang marinig muli si Aldo Leopold,

> "*The fallacy the economic determinists have tied around our collective neck, and which we now need to cast off, is the belief that economics determines all land-use. This is simply not true. An innumerable host of actions and attitudes, comprising perhaps the bulk of all relations, is determined by the land users' taste and predilections rather than by his purse. The bulk of all land relations hinges on investments of time, forethought, skill and faith rather than on investments of cash*" (Leopold, 1949, p. 190) .

Sa aking salin, "Isang maling pangangatwiran ang ipinalulunok sa atin kung saan ngayon ay kailangan nating kumawala, ang isiping ang ekonomiks ang siyang tanging nagtatakda ng gamit at halaga ng lupa. Hindi ito totoo. Maraming hindi mabilang na pagkilos at paniniwala ang gumagamit ng lupa na humuhubog sa kanyang mga pakikipagrelasyon, at nagtatakda ng kanyang pagpapahalaga, panlasa at predileksiyon, sa halip na kanyang bulsa. Ang bulto ng mga pakikipagrelasyon sa lupa ay nakasalalay sa pamumuhunan ng panahon, pag-iisip, kakayahan at pananampalataya sa halip na pawang pamumuhunan lamang ng pera." Sa ganitong gawi ko nakita ang etika at estetika ng palay at lupa para sa mga magpapalay ng Nueva Ecija.

## Ang Etika ng Lupa at Palay

Nauunawaan ng mga magsasaka mula sa matagal na nilang pakikipamuhay sa kanilang palay at lupa, kung paano ang mga ito ay nauugnay sa bawat isa at sa iba pang bahagi ng kapaligiran. Ang malalim na pakikiugnay sa kalikasan ang nagturo sa kanila na ang

kanilang pananim ay isa lamang sa mga bahagi ng kanilang palayan at ang ikabubuti nito ay nakakabit sa iba pang bahagi ng kanyang lupa. Ang ganitong paniniwala ang nagpapakita ng 'etika ng lupa' o *land ethic* na unang ipinakilala ni Leopold. Kanyang tinukoy na ang lahat ng etikang nabuo ay nakasandal sa iisang premis, na ang isang indibidwal ay bahagi ng isang komunidad ng mga magkakaugnay na bahagi. Habang ang kanyang instinto ay nagtutulak sa kanya na ipaglaban ang kanyang lugar sa komunidad, ang kanyang etika ang nagtutulak sa kanya na makibagay at makisama sa ibang bahagi.

> *"All ethics so far evolved rest upon a single premise: that the individual is a member of a community of interdependent parts. While his instincts prompt him to compete for his place in that community, his ethics prompt him also to cooperate"* (Leopold, 1949, p. 171) .

Ang *land ethic* ay nangangailangan ng kooperasyon at respeto mula sa iba pang miyembro ng lupa at sa buong komunidad ng buhay. Mahalagang maunawaan na sa konsepto ng *land ethic* ang "*land*" ay tumutukoy hindi lamang sa lupa kundi sa tubig, mga halaman, hayop at ang kabuuan ng umiikot na enerhiya (*circuit of energy*) sa kanilang lahat.

Malinaw na makikita ang konsepto ng *land ethic* sa simpleng gawi ng tradisyunal na paraan ng pagpuksa ng mga mapaminsalang peste sa palayan. Tinitingnan ng mga magsasaka ang *ecosystem* ng kanilang palayan, ang daloy at paglilipat ng enerhiya sa pamamagitan ng mga natural na proseso ng *food chain* sa pamamagitan ng mga organismong kumakain at kinakain. Halimbawa, kanilang inoobserbahan kung paano ang mga halaman ay nakakaapekto sa mga hayop na nasa paligid at ito ang kanilang ginagamit upang lumikha ng balanse sa kanilang palayan upang ang mga mapanirang insekto ay mapigil nang hindi gumagamit ng kemikal. Ito ang rasyunal kung bakit matandang pamamaraan man, makikita pa rin sa mga magsasaka ng Nueva Ecija ang pagsasabog halimbawa ng *madre de cacao* bilang halamang nagtataboy sa mga mapaminsalang uod at insekto tulad ng harabas, na siyang nagdadala ng tungro ng palay.

Maganda ring matukoy na ang ideya ni Leopold ng konsensiyang ekolohikal o *ecological conscience* ay taglay ng mga magpapalay lalo na ng mga beterano at matatanda. Batid ng mga magsasaka sa kanilang organikong lohika at etika ang konsepto ng *land health* o kalusugan ng lupa. Ang *land ethic* ay nagpapalagay ng pagkakaroon ng konsensiyang ekolohikal at ito ang inaasahang gagabay para sa pagkakaroon ng indibidwal na responsibilidad o tungkulin para sa kalusugan ng lupa.

Ang kalusugan ng lupa ang siyang tumutukoy sa kapasidad ng lupa upang pagyamaning muli ang sarili.

> *A Land Ethic reflects the existence of an ecological conscience, and this in turn reflects a conviction of individual responsibility for the health of the land. Health is the capacity of the land for self renewal."* (Leopold 1949, p. 186)

Ayon kay Mang Pio[4] isang magsasaka mula sa Zaragoza, "noong araw kahit hindi patabaan ang palay maganda ang ani kasi maganda ang lupa noon. Walang mga gamot. Ngayon, walang pahinga ang lupa. Hindi makapahinga ang lupa pagkatapos ng taniman kasi kailangan matamnan muli. Kailangang alagaan ang bukid kasi nagkakasakit din pag walang tigil ang paggamit." Habang nabanggit din ni Mang Aco[5] mula naman sa San Antonio na, "siguro nagkakasakit na ang lupa dahil hindi nabibigyan ng hustong pahinga matapos gamitin. Kasi kung pwede nga lang na pagkatanim, bukas aani na at tatamnan na muli." Nais kong tingnan ang mga tugong ito bilang kanilang organikong pag-unawa sa konsepto ng *land health* o kalusugan ng lupa. Masasabing ito ay organiko dahil nagmumula ito sa matagal at napakaraming taon ng pagbubungkal at pagpapalaki ng kanilang palay. Isang 'panloob' na epistemolohiyang sumasalamin sa *land ethic* ni Leopold na nagsasabing ang palayan ay hindi lamang ang palay at lupa kundi isang komunidad kung saan nakikiugnay at nakikiayon ang mga bahaging may buhay tulad ng halaman at hayop, sa walang buhay na bahagi ng kalikasan tulad ng panahon at ang ikot ng nutrisyon (*cycle of nutrients*). Kung hindi mabibigyan ng sapat na pahinga ang lupa, ito ay tuluyang nagiging *acidic* kung kaya hindi na nagiging mabunga ang anumang itanim dito. Ang panloob na pananaw ay maaaring hindi galing sa dikta ng mga teorya ng agham tungkol sa siklo ng nitrogena (*nitrogen cycle*) dahil wala naman silang nababanggit kaugnay nito, ngunit alam nila na dahil sa mga kemikal na abono (*nitrates*) na kanilang ginagamit tila "tumatamlay at ayaw nang magbigay ng lupa." Hindi nila kailangan ang panlabas na kaalaman ng agham ng agrikultura upang maunawaan ang konsepto ng *land health* o kalusugan ng lupa.

Dagdag pa, naniniwala si Leopold na anumang hindi organiko at lokal sa ekolohikal na komunidad ay maaring magdulot ng pagbabago rito. Ngunit dahil sa likas na kakayahan ng lupa na tumanggap ng mga pagbabago, nakakabangon ang komunidad. Maliban na lamang kung ang pagbabago ay matindi at masyadong mabilis kaya lubos na nasisira ang balanse ng buong sistema, tulad nang kung ano marahil ang nararanasan ngayon ng mga magpapalay. Ganito ang panloob na etika ng lupa na sa aking pagtatasa ay nauunawaan ng mga magpapalay ng Nueva Ecija. May internal na proseso ang lupa na patuloy na

inuunawa ng agham ng agrikultura ayon sa nagbabagong panahon o *climate change*. Ang mga magsasaka ay matiim na nakamasid lamang sa kanilang palayan, pasan nila ang mga di inaasahang epekto ng nagbabagong panahon tulad ng tagtuyot o sobrang pag-ulan, kaya't sa huli pasan pa rin nila ang dulot nitong kapos at mahinang ani. Ngunit mula sa mga karanasang ito, kanilang nalalaman na ang klase pala ng palay, halimbawa, PSB RC-216 at PSB RC-160,[6] ay tumatagal sa ulan at, ang RC 10[7] naman ay madaling anihin at di gaanong kailangan ng tubig. Sa panayam kay Mang Enchong[8], isa sa matatandang magsasaka na aking nakakwentuhan sa ginawang pag-aaral, bagama't may mga agriculturist na tumutulong sa kanila at nagrerekomenda ng kung anong binhi ang magandang maitanim, sa huli sila pa ring nagbubukid ang nakakaalam kung totoo nga bang mas maani o mas matibay sa baha o tagtuyot ang mga binhi.

Hindi nga ba't kahit sa pamimili ng mga binhi at pamamahala para sa konserbasyon ng mga ito ay bahagi ang mga magsasaka sa kung tawagin ay *traditional seed-saving and seed-sharing,* kung saan sila mismo ang siyang nangongolekta at namimili ng magagandang binhi na akma sa kanilang palayan batay sa kanilang karanasan upang ang mga ito ay muling itanim, ipreserba o ipahiram sa mga nangangailangan sa komunidad. Sa kuwento ni Tatang Eulogio[9],

> "Nagpapalitan at nag-iikutan kami ng binhi para hindi maulit ang itinatanim sa iisang bukid, dangan kasi pag palaging iisang klase nagmamaliw ang ganda ng lupa. Kinakailangang iba namang binhi para masigla ang bigay ng lupa. Para hindi magastos, palitan na lang kami ng binhi. Kung minsan ang binhi, masarap pero walang masyadong *recover* ang bigas, walang alsa. Pero pag *hybrid* mas mataas ang *recover*. Magpalitan ng kaalaman tungkol sa pagtatanim, lalawak yan. Nangungutangan kami ng loob sa kapwa magsasaka."

Ayon naman kay Tiya Guel,

> "Ngayong hindi na tumutugma ang dating Kalendaryong Tagalog (Honorio Lopez), ang aming pagtatanim ay tumutugma sa lagay ng panahon. Pag umuulan na sinisimulan na ang pagtatanim. Pag tulad ngayon na *El Niño*, hihintayin namin ang patubig (irigasyon), nagpapabomba kami ng tubig kasi hindi makaakyat ang tubig mula sa patubig, ramdam na ang *El Niño*. Pero pag sobra naman ang tubig, ang bana ay masyadong nababaha kaya nagiging problema ang suso, lalo sa katatanim na binhi. Kaya't hinihintay na lamang naming kumati ang tubig bago tamnan

> ang bana. Pag tag-araw, nagtatanim kami ng *hybrid* dahil mas may laban sa tagtuyot. Hindi kasi kailangan nito ang maraming tubig. Kapag tag-araw hindi nagtatanim ng *variety* na matagal anihin dahil nga kulang sa tubig.
>
> May problema sa *hybrid* na ibinibigay ng gobyerno, hindi ito maaaring itanim uli, maganda sana ang bunga, at talagang patong-patong ang butil. Kaya ang ginagawa namin ay mag-*inbreed* sa tulong ng ilang mga *Farmers' Field School,* mula sa pagsasama ng mga binhing maganda at angkop sa panahon/klima. Kasalukuyan namin itong sinusubukan."

Sa ganitong proseso ng *participatory plant breeding,* ang mga magsasaka na rin ang namamahala sa *characterization* ng mga binhi kung saan isa-isang inililista ang mga karakter o katangian ng binhi, katulong ang mga *technician* ng Kagawaran ng Agrikultura at ilang NGO upang magamit sa breeding o paglikha ng mas *adaptive* na binhi para sa kanilang palayan. Malinaw mula sa mga partisipasyong ito ng mga magsasaka ang pagkilala sa kanilang kaalaman sa panloob na epistemolohiya ng kanilang lupa at mga binhi.

## Ang Pamamalayan bilang *Stewardship* sa Balangkas ng Land Ethic

Maaari ring silipin ang konsepto ng '*stewardship*' sa etika ng lupa na kasalukuyang hinahanap. Kung paano ang bigas at pagpapalayan ay nagsisilbing metapora ng mabuting pamamahala ng lupa, ang mga magsasaka ay maituturing na mga '*steward*' o tagapamahala kundi man tagapagsilbi lamang ng mga ito.

Ipinaliwanag ang *land stewardship* bilang pagkilala sa isang kolektibong responsibilidad hindi lamang upang mapanatili ang kalidad at yaman ng lupa, hangin, tubig at ang mga likas na yaman ng buhay, kundi ang mapamahalaan ang natural na kapital na ito sa pamamaraang napapanatili ang lahat ng kanyang halagang pangkapaligiran, pang-ekonomiko, sosyal, at kultural.

> "Land Stewardship is the recognition of our collective responsibility to retain the quality and abundance of our land, air, water and biodiversity, and to manage this natural capital in a way that conserves all of its values, be they environmental, economic, social or cultural" (Land Stewardship Center, 2011).

Isang konseptwal na pagsusuri sa iba't ibang naging aplikasyon at gamit ng salitang *stewardship* sa usaping pangkapaligiran ang aking nabuo sa isa pang papel na may pamagat na *"Environmental Stewardship*

*in the Practice of Community Seed Banking: An Analysis of Stewardship in Theory and on the Ground."* Halimbawa, mula sa *marine stewardship, forest stewardship, land stewardship*, at iba pa, lumalabas ang tatlong mahahalagang salik o elemento. Una, ang tradisyon ng *stewardship* ay tumutukoy sa responsable at mahusay na pamamahala ng yaman ng kalikasan. Ang responsableng pamamahalang ito sa balangkas ng etikang panlupa ang siyang humihingi ng pagpapalawig ng sakop ng etika upang maisama sa moral na konsiderasyon ang iba pang organismong may buhay bukod sa tao, kasama ang kapaligiran at mga proseso na sumusuporta sa mga ito. Sa madaling salita, hinihingi ng *land ethic* ang pamamahalang nakaangkla sa malalim na pag-unawa ng dinamikong galaw ng buhay sa lupa at ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ito. Hindi maaaring maikaila kung paaano ito nakikita sa pakikipagrelasyon ng mga magpapalay sa kanilang lupa. Tulad ng nabanggit sa itaas, dahil sa matagal at malalim na pakikipagrelasyon sa kanilang bukid, maraming mga taal at lokal na epistemolohiya ng pagpapalayan ang angkin ng mga magsasaka na kanilang ginagamit sa pamamahala ng kanilang bukid.

Ikalawa, tinutukoy ng metapora ng *steward* o mabuting tagapamahala ang isang moral na ahente na hindi umaangkin ng pagmamay-ari sa kanyang pinamamahalaan. Binibigyang- diin ng *land ethic* na ang mga tao ay bahagi lamang at kasapi ng komunidad na may buhay sa mundo. Ibig sabihin, dapat maunawaan na ang tamang lugar ng tao ay ang makisama sa iba pang bahagi ng kalikasan upang matugunan ang kanyang mga pangangailangan. Ganito nakahubog ang pilosopiya ng pagpapalayan ng mga magsasaka ng Nueva Ecija. Naniniwala sila na ang kanilang pagpapatubo ng palay ay hindi nakasalalay lamang sa kanilang sariling lakas at kontrol, bagkus ay nasa awa ng lagay at kondisyon ng kalikasan. Napakasakit na karanasan para sa mga magsasaka na ang busog na busog na mga uhay ng kanilang palay ay kailangang padapain kung minsan ng bagyo at unos. Ito ang dahilan kung bakit karaniwan sa kanila ang ilang mga ritwal na aking nasaksihan, na humihingi ng tulong sa Lumikha upang makaiwas sa mga hampas ng kalikasan. May ritwal sila sa pagtatanim mula sa preparasyon ng lupa hanggang sa pag-ani. Nag-aalay sila ng manok, panalangin sa 'tigday' o ispiritu ng lupa, nagtitira ng mga uhay para sa iba pang organikong buhay sa bukid, at nagdiriwang ng mga pista bilang pasasalamat sa masaganang ani. Nauunawaan ng mga magsasaka na kahit gaano nila pagbutihin ang pag-aalaga ng kanilang tanim, kung hindi makikisama ang kalikasan, ang kanilang paghihirap ay mauuwi lamang sa wala. Maaaring bahagi ng pagano at Kristiyanong paniniwala ang mga ritwal na aking nasaksihan, ngunit ang lahat ng ito sa aking pagtantya ay buhat sa paniniwalang may panloob at organikong sistema ang kapaligiran at pagpapalayan na hindi kayang makontrol kahit pa ng

mga matatandang may malalim nang pag-unawa dito. Ngunit ang tao bilang bahagi ng organikong sistema ay dapat kumilala sa natural na batas ng kalikasan na kapag nilabag, halimbawa sa pag-abuso sa lupa, ay maaaring magdulot ng pagkabalam sa proseso ng maayos na produksyon.

Karugtong ng naunang metapora, tinatanggap ng *steward* o tagapamahala na siya ay may pananagutan hindi lamang sa nagmamay-ari ng likas yaman, halimbawa ay sa Lumikha o Diyos, mula sa pagtinging may kiling sa relihiyon, kundi sa isang mas malawak na komunidad ng buhay kasama ang kapwa-tao, sa susunod pang henerasyon, at maging sa mga halaman at hayop. Ang tanong, bakit kailangang tanggapin ng isang *steward* ang ganitong responsibilidad? Ang *land ethic* na ito ay sang-ayon lamang sa holistikong pagtingin na siyang pundasyon ng etikang panlupa. Ang magkakakawing na mga bahagi ng kalikasan ay dapat mapamahalaan nang husto dahil ang makasasama sa isa ay makasasama sa lahat. Malinaw ang *land ethic* sa pagkilala sa tama o makatwirang pagkilos at ayon dito, "tama ang kilos ng isang moral na ahente kung ito ay nakapagsusulong ng pagpapanatili ng integridad, balanse at kahustuhan at kagandahan ng komunidad na may buhay, at mali kung sumasalungat ito dito."

> *"A thing is right if it tends to preserve the integrity, stability and beauty of the biotic community and wrong when it tends otherwise."* (Leopold, 189)

Bagama't may tunog ng prinsipyong umaayon sa kung ano ang makapagbibigay ng mas malaking kabutihan ang *land ethic*, hindi dapat tingnan ang holistikong pananaw na ito na parang sumusunod lamang sa prinsipyo ng utilitarianismo na nagsasabing ang pagkilos ay tama kung ito ang nakapagdudulot ng pinakamaraming kasiyahan laban sa kalungkutan o kung ito ay nagdudulot ng mas maraming benepisyo. Masasabing sa ganitong pagtingin ay hindi kinikilala ang halaga ng bawat isang bahagi ng komunidad, dagdag pa ang relasyon at ang pagkakawing-kawing ng mga ito sa isa't isa. Halimbawa, kung magkaroon ng peste sa palayan tulad ng sobrang pagdami ng populasyon ng dagang bukid na karaniwan nang nagiging problema ng mga magsasaka sa Nueva Ecija, magiging palaisipan ang aplikasyon dito ng utilitarianismo. Lilipulin ba nang husto ang mga ito sa ngalan ng mga butil ng bigas na nais nating isalba? Dito marahil maiiba ang lapit ng *land ethic* dahil ang makatwirang pagkilos ay ibabatay sa kung ito ba ay "nakapagsusulong ng pagpapanatili ng integridad, balanse at kahustuhan at kagandahan ng komunidad na may buhay, at mali kung sumasalungat ito dito." Sa ganitong pamantayan maaaring hindi tama na lipulin ang buong populasyon ng dagang-bukid dahil malinaw na uugain nito ang balanse at integridad ng komunidad

na may buhay sa palayan. Magdudulot ito ng pagliit ng *biodiversity* ika nga ng palayan. Ang konsepto ng *land ethic* ay ipinaliliwanag sa pamamagitan ng isang papalaking bilog ng moral na konsiderasyon kung saan ang mga tao pa rin ang nasa loob at gitna. Bagama't mahalaga ang aanihing bigas at malaki ang pang-ekonomikong interes na nakasalalay dito, magandang maisama pa rin sa ekwasyon ng moral na konsiderasyon ang interes ng iba pang bahagi ng komunidad na may buhay tulad ng halaman at hayop, gayundin ang lupa at ang enerhiyang umiikot dito. Kinakailangang magsakripisyo ang nasa gitna, ang tao, upang mapanatili ang kaayusan ng buong sistema kung ito ang kinakailangan. Ibig sabihin, hindi dapat dagli ang desisyon na lipulin ang mga dagang-bukid at ubusin ang kanilang populasyon na maaaring siyang makatwirang gawin sang-ayon sa prinsipyo ng utilitarianismo dahil ito ang makapagdudulot ng mas maraming benepisyo sa tao. Sa halip, kung kinakailangang maglinis ng mga pinitak upang hindi makaakit ng mga daga, ito ang dapat na maging pagkilos kung ang pagbabatayan ay ang *land ethic*. Ito marahil ang kaibahan kapag ang giya ng makatwirang pagkilos ay ang *land ethic* dahil malinaw ang pagpapahalaga sa holistikong kabutihan o kagandahan na nagbibigay-importansiya sa isang etikang pangkapaligiran na hindi hiwalay sa etikang nakasentro lamang sa tao.

Kaya't tulad nang nabanggit na, para sa mga magsasaka ng Nueva Ecija, ang kanilang lupa kasama ang palay na tumutubo rito ay hindi nila itinuturing na 'pag-aari' bagkus ay pinamamahalaan lamang upang mas mapayaman para sa Lumikha, kanilang buong pamilya, gayundin sa iba pang naninirahan sa kanilang lupa. Ang ganitong saloobin ang siyang nagtutulak ng isang pakikipagrelasyon sa lupa na nakabatay sa birtud ng malalim na respeto para sa iba pang bahagi ng kalikasan kasama ang susunod na henerasyon. Dahil dito, nauunawaan ng mga magsasaka ang kanilang tamang lugar at limitasyon sa buong sistema at proseso ng pagpapatubo ng kanilang palay. Ang kanilang ani ay hindi sa kanila lamang. Ito ay biyaya mula sa Lumikha kaya kanila itong ibinabahagi at ibinabalik sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga ritwal, kasama na ang pagdiriwang ng kapistahan ng pasasalamat. Gayundin, patuloy na pinipilit na protektahan ang lupa sa kabila ng mga pangangailangang ekonomiko, para sa mga susunod pang salinlahi ng pamilya na maaaring gumamit nito. Ibig sabihin, kinakalinga ng mga magsasaka sa kanilang pagpapalayan ang tradisyon ng *stewardship* o mabuting pamamahala sa balangkas ng *land ethic*.

## Ang Estetika ng Palay at Lupa

Ayaw kong palambutin at gawing usapin ng puso at sensibilidad ang isang napakatigas na usapin ng agrikultura at pagpapalayan, ngunit ako ay magpupusong-bato kung hindi ko ito

isasama sa aking diskurso. Walang magpapalay sa aking palagay ang tatagal sa pagbubungkal ng lupa kung wala ni katiting sa kanyang sensibilidad ang makaunawa sa estetika o kagandahan ng palayan. Sa hirap at pagpupursiging aking nakita, na halos wala nang bumabalik para sa pamilya, parang may gusto akong hanapin sa kanilang pagpapalay na siyang patuloy na nagkakawing sa kanila sa lupa. Hindi lamang ito isyu ng walang ibang pagpipiliang ikabubuhay. May mga nakilala akong magpapalay (at hindi sila iilan, mga may kayang magpapalay sa Nueva Ecija) na nanatiling nagbubungkal ng lupa sa kabila ng pag-unlad (na marahil ay kanilang natamo hindi mula sa pagsasaka). Hindi kaya dahil nakikita nila ang kanilang sarili sa kani-kanilang mga palay at palayan? Marahil, ang wangis ng kanilang palayan ay ekspresyon ng kanilang sarili. Ang pagkumpleto ng siklo ng pagtatanim ng palay sa tuwing darating ang panahon ng anihan, ay nagbibigay sa kanila ng pansariling kaligayahan dahil sa natapos na gawain. Samakatuwid, sila ay nakakalikha ng kagandahan sa isang bahagi ng kanilang sarili.

Nais kong balikan muli ang ilang mga kwento ng mga magsasaka ng Nueva Ecija na siyang kumalabit sa aking sensibilidad kaugnay ng nagpapapansing estetika sa kanilang pagpapalayan. Ani Tiya Guel,

> "Dahil sa hirap magsaka, malaki na rin ang naging pagbabago. Marami ng saka ang ipinagbili. Isang milyon na ang tawad sa saka namin, (ngunit) hindi kami kayang buhayin ng isang milyon. Maraming buhay ang galing sa aming bukid.
>
> Panahon pa ng nuno sinasaka na namin ang bukid namin. Wala pa ang lahat ng ibang mga bahay dito, nakatirik na ang kubo ng mga nuno dito. Napakasarap tumira sa bukid at walang kapantay ang saya kapag nakita mo nang kulay dilaw at hitik na hitik ang bukid! Napakagandang tingnan. Pero walang kapantay ang umani! Mahirap ipaliwanang sa mga wala sa lupa, at hindi nila maiintindihan, kaya hindi ko ibebenta ang lupa.
>
> Pero kung maipagbili man balang araw, bibili uli. Iba na yung may ibinibilad na palay, kinalakhan na kasi ito. Basta mayroong bagay at pakiramdam na hindi mo maipaliwanag sa pagsasaka ng palay na kahit mahirap ay gusto mo pa rin. Parang pag-aalaga ng hayop, mabaho ang aso, maingay, pero gusto mo pa ring mag-alaga dahil may hindi maipaliwanag na kasiyahan kang nararamdaman. Ganon kapag nakikita mo ang busog na busog na mga butil

na sumasapaw sa iyong bukid. At masakit din pag inabutan ng peste."

Para naman kay Tatang Eulogio nang siya ay aking tanungin kung paano sila naapektuhan ng mga kasalukuyang pagbabago sa pagtatanim ng palay, ito ang kanyang sinabi,

> "Bagama't makabago na rin tayo ngayon, nagsasaka pa rin dahil hindi naman basta basta maiiwan ang pagtatrabaho sa bukid. Hindi matatanggal, natural mo na ito."

Dagdag pa niya, ang mga magsasaka ngayon ay may katamaran na dahil iniuupa na ang pagtatanim sa lupa. Kaya naman iba ang mga magsasaka noong araw dahil may pagmamahal sa lupa. Kwento pa niya, nung kinailangan niyang isanla ang kanyang lupa, talagang sinikap niyang matubos agad ito dahil aniya, " Naiinip ako sa aking lupa."

Inilarawan din ni Ate Nora[10] mula sa General Tinio kung ano ang kanyang pakiramdam sa tuwing tatapak ang mga paa sa pilapil.

> "Ang panahon ng pag-ani ay nagbibigay ng kakaibang kasiyahan sa aking pakiramdam dahil nagbunga na ang mga pagod sa lupa. Ang pagtapak sa pilapil ay hinahanap ng mga paang kinakalawang na, yung hindi nakaranas tumuntong sa lupa ay hindi makakaunawa nito. Marahil kaya maraming magsasaka ang walang pagpapahalaga sa lupa niya ay dahil sa ngayon, marami nang may-ari ng lupa ang hindi nagtatanim sa kanilang bukid."

Ngunit mas naging palaisipan sa akin nang banggitin ni Ate Nora na ang palay ay hindi lamang nagbibigay-nutrisyon sa kanilang pamilya bagkus bumubuhay sa kanyang kaluluwa bilang isang magsasaka.

> "Humahaba ang aking buhay dahil nakakabit sa palay na palaging tumutubo (at walang tigil sa pagtubo) ang aking hininga."

Habang sa pahayag naman ni Mang Enchong mula sa Muñoz, Nueva Ecija, bahagi na ng kanyang internal na sistema ang pumalaot sa bukid, upang magdamo at magputik araw-araw.

> "Mahalaga ang pagbubukid kasi dito ko napapansing mas lumalakas ako. Nagbibisikleta kasi ako mula sa bahay namin hanggang bukid may limang kilometro siguro yon, kaya parang lumalakas ang tuhod ko. Araw-araw pumupunta ako sa bukid para magdamo, natural na iyon, kailangang magputik."

Si Mang Ricky[11] na taga- Aliaga ay may sarili ring saysay. Ayon sa kanya, ang kanyang pagmamahal sa lupa, bagama't mukhang habang buhay na siyang *kasama* lamang ng may-ari ng lupa, ay higit na mas malalim pa sa tunay na may-ari. Kaya't sa tuwing may bagong klase ng pamamahala sa lupa na hindi alinsunod sa nalalamang panloob na epistemolohiya ng kanyang bukid, para raw siyang pilit na inilalayo sa kanyang lupa.

> "Mahal ko ang lupa, kahit kailanman hindi ako nagkaroon ng sarili ko, yung sa akin. Ang nakakalungkot minsan dahil nga ibinibigay lang ni amo ang mga binhi, gamot at pataba, hindi ko na rin nagagamit yung dating mga alam ko. Sabagay baka naman mas maganda nga itong makabago. Dati kasi pag may problema halimbawa sa punla ng palay, kumukunsulta kami sa isa't isa—kaming nagbubukid kung alin ang pinakamaganda. Ngayon kung alin ang sabihin ng gobyerno na mas mura, iyon ang itinatanim namin. Ang pakiramdam ko parang inilalayo ako sa bukid. Pag wala na ang bibili ng mga gamit, wala na rin ako."

Mula sa *ethos* ng palay na aking pilit na hinugot mula sa kanilang mga pahayag, aking naunawaan ang ilang bagay. Sa pagpapalayan, nakita ng magsasaka kung paano ang kanyang lupa ay nagiging ekstensiyon ng kaniyang sarili. Masakit sa kanya na masaktan ang kanyang palay at lupa sa tuwing hahagupit ang bagyo't habagat pati na ang peste lalo't naninilaw at bumibigat na ang palay, dahil taglay ng kanyang palayan ang bahagi ng sarili na nagsikap na magpatubo ng pananim. Ang palayan ang nagsisilbing ekstensyon ng panloob na sarili kaya't ang ganda nito ang siyang nagiging ekspresyon ng buti at gandang nanggagaling sa kanilang loob. Hindi nila kinakayang mahiwalay sa lupa kaya't hinahanap ang sa tuwina'y pagtuntong ng mga paa sa kalawanging pilapil at sila ay ginigising araw-araw ng pagnanasang makapagdamo sa mga pinitak. Ito marahil ay dahil sa ang pagbubukid ay natural na bahagi ng kung ano sila bilang magpapalay kaya't sa tuwina'y pilit na binubuo at dinurugtungan ang organikong koneksiyon sa lupa. Ang kanilang hininga ay parang palaging dinurugtungan ng kanilang pagtatrabaho sa bukid dahil sila ang kanilang bukid at ang bukid ay sila. Sa pagkumpleto ng gawain sa bukid, para na ring nakukumpleto ang sarili na marahil siyang dahilan ng hindi maipaliwanag na lubos na kasiyahang mapagmasdan ang berdeng-berdeng palayan hanggang sa ang mga ito'y manilaw at mabuntis. Salamin ito ng kagandahan ng panlabas na sarili. Naniniwala ako ngayon, na batid ko na ang talinhaga ni Leopold nang siya ay umapila sa puso at kaluluwa ng mga magsasaka upang muli't muli ay buhayin ang kanilang pagkamangha sa kalikasan at ibalik ang drama

ng buhay sa bukid. *"… appealed to the hearts and souls of the farmers to rekindle their curiosity about nature and to recapture the drama of farm life"* (Leopold, 1999,161).

Hindi ako magsasaka. Hindi ako naging magsasaka. At katulad ng palaging sinasabi ng mga magsasaka, hindi mo kailanman mauunawaan kung paano maging magsasaka hangga't hindi mo nararamdaman ang mga pinitak at hindi nakikita ang ganda ng mga kukong kulay kalawang. Ngunit ang pagiging malay sa kagandahan ng palay at bukid ay maaaring buhayin. Maaari akong magsimula gamit ang mga mata ng isang magpapalay. Kinakailangan lamang maging bukas sa pag-unawa sa ekolohiya ng lupa at sa dinamikong sistema ng emosyon, predileksiyon, balwasyon, disposisyon at sa etika ng lahat ng relasyong sangkot dito. Sa aking pagtataya, ganito nabibigyang buhay ang estetika ng lupa.

Siguro nga tama si Leopold. Hindi ang mga dike at pinitak ang kinakailangan nating linisin upang maunawaan ang etika at estetika ng lupa, dapat salingin ang pagpapahalaga dito na ang tanging kinikilingan ay ang ekonomikong pagtingin. Masalimuot at may mahabang kasaysayan ang usapin ng pagpapalayan at agraryo sa ating bayan. Ang nais ko lang naman ay matukoy ang isang etika at estetika ng palay at bukid na maaaring paghugutan ng respeto at pagpapahalaga sa kalikasan. Ang tunay na pagpapahalaga sa kagandahan ng palay at lupa ay nasa pagtanggap at pag-unawa ng lakas at pusong nagpapatubo ng palay sa lupa. At muli ay naririnig ko si Leopold na nagsasabing, "darating ang araw na ang mga magsasaka at ang mga nabibiyayaan ng bigas ng magsasaka ay dadaan sa iba't ibang antas sa pagkilala at pag-unawa ng kagandahan hanggang sa kanilang marating ang halagahang hindi na kayang ipahayag ng lenggwahe."

> *"The day will come when the farmers and those who partake of the farmers' rice will have to proceed through the successive stages of the beautiful, to the values yet uncaptured by language"* (Leopold, 1949, 160) .

Malamang hindi natin lahat mararating ito, ang matalos ang kagandahan sa kabila ng mga paghihirap at ang kagandahang higit pa sa mga uhay ng buntis na palay. Malamang mayroong hindi kailanman makakakita ng kagandahang tinutukoy, dahil ang tanging halagahan ay ang tone-toneladang bigas na kailangang anihin. Ngunit sa mga magsasakang aking nakilala sa Nueva Ecija, na organikong nakarating at nakaunawa sa estetika ng palay at lupa dahil sa matagal na pakikipagrelasyon sa kanilang palayan, maaaring makita ang isang bisyon ng pangangalaga sa kalikasan at konserbasyon. Siguro isang araw, babalik akong muli sa mga magpapalay na ito ng aking probinsiya

at aking ibabahagi sa kanila ang kagandahang aking natagpuan sa kanilang palay at lupa—isang etika ng lupa na organikong nabuo mula sa matagal at malalim nilang pakikipagrelasyon dito, at ang estetika ng palay na nakaugat sa sensibilidad at pagkawing ng sarili sa lupang nagpapayaman ng kanilang palay.

Si **Jeanette L. Yasol-Naval, PhD** ay kawaksing propesor sa Departamento ng Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ang naging tagapangulo ng Departamento mula 2011-2014, at kasalukuyang tagapag-ugnay ng Gradwadong Programa sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya. Siya ay nakatanggap ng postdoc research fellowship para sa kanyang mga saliksik sa *Ethos of Rice at Philosophy of Food* sa Kobe University. Pangunahin niyang interes sa pananaliksik ang larangan ng pilosopiya ng kapaligiran, etika at agrikultura, at pilosopiya ng Pagkain. Maaari siyang maabot sa jlyasolnaval@up.edu.ph.

## Mga Tala

[1] Halaw sa naging pag-aaral ng awtor para sa kanyang disertasyon na may pamagat na, "Ethos of Rice: Environmental Ethics behind the Traditional Culture of Rice and its Production in Nueva Ecija".

[2] Miguela dela Cruz, 60 taon gulang at magsasaka sa Gapan, Nueva Ecija na nagsilbing isa sa mga pangunahing batis ng pag-aaral.

[3] Ibig sabihin, sila ay magsasako na lamang dahil mukhang nagiging tagapagsilid na lamang sila ng inaning palay sa sako at pagkatapos ay ibabayad na ito sa mga naging gastusin. Halos wala nang natitira sa mga magsasaka.

[4] Junior Pyudan, 63 taong gulang at magsasaka mula sa Zaragoza, Nueva Ecija.

[5] Ciriaco Bonge, 29 taong gulang at magsasaka mula sa San Antonio, Nueva Ecija

[6] PSB RC- 216, PSB RC - 160 ang teknikal na klasipikasyon ng binhi bagama't karaniwang ang numero na lamang ang natatandaan ng mga magsasaka.

[7] PSB RC- 10

[8] Lorenzo Francisco, 76 taong gulang at magsasaka mula sa Muñoz, Nueva Ecija.

[9] Eulogio Hernandez, 74 taong gulang, magsasaka mula sa Peñaranda, Nueva Ecija.

[10] Nora Caralde, 54 taon gulang at magsasaka mula sa General Tinio, Nueva Ecija

[11] Ricky , 28 taong gulang at magsasaka mula sa Aliaga, Nueva Ecija.

## Mga Batis

Callicott, J. B. (1989). *In defense of the land ethic*. New York: State University of New York Press.

Callicott, J. B. (1999). *For the health of the land.* Washington DC: Island Press.

Gujja, B., Riddell, P., Goud, V.V., Dalai, S., Murty, MVR, Holland, R., . . . Rao, K. (2007). More rice with less water: SRI system of rice intensification. Retrieved from World Wildlife Fund Website: http://assets.panda.org/downloads/wwf_rice_report_2007.pdf.

Land Stewardship Center. (2009). A stewardship roadmap for canada, National Stewardship Conference. Retrieved from http://www. landstewardship.org/stewardship.

Layosa, P. (2006). Impact of IRRI on Philippine rice agriculture. D. C. Dawe, P.F. Piedad, and C. B. Casiwan (Eds.). *Why does Philippines*

*export rice? Meeting challenges of trade liberalization*. Manila: IRRI and PhilRice.

Leopold, A. (1949). *A sand county almanac with essays on conservation*. New York: Oxford University Press.

Nair, K. P. (2008). *The politics of hunger*. Malaysia: PAN AP.

Passmore, J. (1974). *Man's responsibility for nature.* New York : Charles Scribner's Sons.

Pojman, L. and Pojman, P. (2008). *Environmental ethics: Readings in theory and application*. Thomson Wadsworth USA .

Rhoads, D. (n.d.) *Stewardship of creation.* Retrieved from http://www.webofcreation.org/archive-of-resources/505-stewardship-of-creation.

White, L. Jr. (1967). Historical roots of our ecological crisis. *Science, 155*, 1203-1207. Reprinted in Pojman, L. and Pojman, P. (2008). *Environmental ethics: Readings in theory and application*, Thomson Wadsworth USA.

Worrell, R. and Appleby, M. (2000). Stewardship of natural resources: Definition, ethical and practical aspects. *Journal of Agriculture and Environmental Ethics, 12*, 263-277.

Yasol-Naval, J. (2002). From kapre to ecological conscience: Indigenous beliefs and practices and the holistic perspective of environmental ethics. *Kasarinlan 17*(1): 52-65.

Yasol-Naval, J. (2011). The ethos of rice from the traditional culture of rice and rice production in Nueva Ecija towards an ethics of conservation (Unpublished Ph.D. dissertation). Miriam College, Quezon City, Philippines.